## APPLICATION

- Papaano mababago ng iyong natutunan ang iyong pananaw sa pagdurusa? Papaano mo isasapamuhay ang mga katotohanang ito sa iyong sitwasyon sa kasalukuyan?
- Naniniwala ka ba na ang layunin ng Diyos ay mabuti at mangingibabaw? Aling mga pansariling plano, mga layunin, at mga pakay ang kailangan mong isuko sa Diyos?
- Kanino mo maaaring ibahagi ang tungkol sa kapangyarihan at kadakilaan ng Diyos? Sino ang maaari mong mabigyang sigla sa mga katotohanang ito ngayong linggong?

## PRAYER

- Ipanalangin na manalig ka at lumakas ka habang humaharap sa mga unos sa kasalukuyan. Manalangin na bigyan ka ng pusong tapat at matibay.
- Maniwala na ipakikilala ng Diyos ang Kanyang sarili sa iyo nang higit pa habang patuloy kang lumalago sa iyong ugnayan sa Kanya. Hingin sa Diyos na bigyan ka ng mas malalim na pangunawa sa kung sino Siya, na maimulat Niya ang iyong mga mata sa lahat ng ginagawa Niya sa iyong buhay.
- Ipanalangin na ang iba ay mas makakilala pa sa Diyos sa pamamagitan ng iyong buhay at patotoo.

VICTORY

© 2014 ng Victory®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.
Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

Ang pagkopya ng lathaing ito ay pinahihintulutan para sa lokal na simbahan. Hindi ito ipinagbebenta.
victory.org.ph

WHY ME?

FILIPINO **WEEK 3**

# Panunumbalik Matapos ang Pagdurusa

## NOTES

## WARM-UP

- Anong pinakamamahalin o mahalagang bagay na nasira mo?
- Papaano ka dinisiplina bilang bata?
- Napaaway ka na ba sa iyong kaklase o malapit na kaibigan bilang bata? Papaano mo naayos ang ugnayan ninyo?

**WORD** *Hindi ba't itinuturing nating mapalad ang mga taong nagtitiis? Alam n'yo ang tungkol sa pagtitiis ni Job, at alam naman  ninyo kung paano siya tinulungan ng Panginoon sa bandang huli. Sadyang mabuti at maawain ang Panginoon.* **JOB 1:1**

---

Ipinagmalaki ni Apostol Santiago si Job sa kanyang pagpapatuloy na tiisin ang dinaraanang pagdurusa. Sa bandang huli, naibalik ng Diyos ang mga nawala at ninakaw mula kay Job, ngunit mas naging kapansin-pansin ang naging tugon ni Job sa panahon ng kanyang pagdurusa. Papaano tayo matututong magpatuloy sa mga pagsubok? May tatlong mga katotohanan na makakatulong sa iyo sa panahon ng mga pagsubok.

## 1 Ang layunin ng Diyos ang makapangingibabaw.

*"Alam ko pong magagawa n'yo ang lahat ng bagay, at walang sinumang makapipigil sa inyo."* **JOB 42:2**

Kailangan nating maunawaan na hindi ang Diyos ang pinagmumulan ng ating pagdurusa. Maaring pahintulutan ng Diyos ang ganitong pangyayari, ngunit ang Kanyang mga layunin pa rin ang mangingibabaw nang higit sa lahat. Ano man ang ating maging sitwasyon, walang makapagsasabi na ang Kanyang mga plano at layunin ay mali, dahil ito ay palagiang mapagkakatiwalaan (Proverbs 19:21). Papaano mo nasaksihan na ang mga layunin ng Diyos ay nangingibabaw sa iyong buhay?

## 2 Ang kaparaanan ng Diyos ay mas mataas sa kaparaanan natin.

*"Ako po'y tinanong n'yo kung bakit ako'y nag-aalinlangan sa inyong karunungan, gayong wala naman akong nalalaman. Totoo pong nagsalita ako ng mga bagay na hindi ko naiintindihan at mga bagay na sa hindi ko lubos maunawaan."* **JOB 42:3**

Naintindihan ni Job na ang katalinuhan ng Diyos ay mas malawak at hindi kayang arukin. Sinasabi rin sa Isaias 55:8 na ang pag-iisip at pamamaraan ng Diyos ay hindi katulad ng sa atin. Hindi man natin naiintindihan, ang Diyos ay nakakaalam. Wala man tayong katiyakan at kontrol sa ating buhay, ang Diyos ay may kapangyarihan. Dahil ang kaparaanan ng Diyos ay mas mataas, papaano binabago ng katotohanang ito ang iyong buhay?

## 3 Ang Diyos ay higit pang malaki kaysa sa pagkakaalam natin.

*5 "Noon ay naririnig ko lang po sa iba ang tungkol sa inyo, pero ngayon ay nakita ko na kayo. 6 Kaya ako po'y nahihiya sa lahat ng sinabi ko tungkol sa inyo, ako po ngayo'y nagsisisi sa pamamagitan ng pag-upo sa abo't alikabok."* **JOB 42:5,6**

Nakita ni Job kung gaano siya kaliit nang makasagupa niya ang luwalhati at presensiya ng Diyos. Sa totoo lang, ang Diyos ay masmalaki at mas malawak kaysa sa anumang bagay na ating nalalaman o naiisip. Ang ating kasalukuyang pangunawa sa Diyos ay napakaliit kung ihahalintulad sa kung sino talaga Siya.  Kapag tayo ay nagpatuloy na sumunod sa Diyos sa kabila ng ating pagdurusa, ating nakakaharap ang kadakilaan ng Diyos. Nakikita natin kung sino Siya talaga. Magbahagi ng isang bagay na natutunan mo tungkol sa Diyos sa panahon ng pagsubok.